



**Anchorage School District**

*Educating All Students for Success in Life*

# Zangle Parent Connect Gabay sa Tagagamit

Paaralang Pampurok ng Anchorage

# Talaan ng Nilalaman

Paano Makapag-akses sa ParentConnection.....	2
Tuloy Po Mga Magulang!.....	2
Mga Rekisito sa Computer.....	2
Paghahanap sa ParentConnection at pagla-log in .....	2
Pagpapalit ng Inyong Password.....	3
Sa Unang Pag-login .....	3
Paggamit sa ParentConnection.....	4
Pag-akses sa Impormasyon ng isang Estudyante.....	4
Pag-akses sa Iba't Ibang Impormasyong Makukuha.....	4

# Paano Makapag-akses sa ParentConnection

Tuloy Po Mga Magulang!

Ang job aid na ito ay makakatulong sa inyo na hanapin at mag-log in sa ParentConnection, at maghahatid sa inyo sa ilang mga tampok na nagpapahusay sa ParentConnection bilang isang paraan upang subaybayan ang progreso ng inyong anak at tulungan sila na maging mas mahusay sa paaralan.

Mga Requisites sa Computer


Makakapunta kayo sa ParentConnection gamit ang sumusunod na Computer at software:

- Isang Windows computer na nagpapatakbo ng XP, Vista o Windows 7, o isang Apple na nagpapatakbo ng Mac OS 10.2 o higit.
- Isang DSL o cable connection sa internet.
- Alinman sa isa sa sumusunod na mga web browser:
  - Internet Explorer version 6.0 o higit
  - Firefox version 2.0 o higit
  - Chrome version 2.0 o higit
  - Safari version 2.0 o higit

Paghahanap sa ParentConnection at pagla-log in

## Unang Hakbang

Upang makapag-akses sa ParentConnection, mangyaring pumunta sa <http://www.asdk12.org> at i-click ang **Zangle ParentConnect** sa navigation sidebar malapit sa kaliwang itaas ng ASD Online homepage. Bilang alternatibo, maaari kayong direktang pumunta sa ParentConnection sa pamamagitan ng pagpasok ng sumusunod na address sa inyong Internet browser: <https://parentconnect.asdk12.org/> (pansinin ang “s” pagkatapos ng http).



Ang **Login window** ng ParentConnection ay lalabas.



## Ika-2 Hakbang

Ipasok ang inyong **PIN** at **Password** na natanggap ninyo mula sa paaralan ng inyong estudyante.

Saka, i-click ang **Logon**

**\*\*\*MAHALAGA: Kailangang pahintulutan** ninyo ang mga **pop-up** sa site na ito sa inyong Internet web browser.

## Pagpapalit ng Inyong password

Sa Unang Pag-login


**MAHALAGA!** – Ang Unang Beses na Mga Bisita Ay Mapipilitang Palitan Ang Inyong Password! Kung ito ang inyong unang pagkakataon na mag-akses sa ParentConnection, mapipilitan kayong palitan ang inyong password mula sa pansamantalang password na ibinigay ng paaralan ng inyong estudyante. Lalabas kaagad ang Change Password Window pagkatapos ng pag-login at hindi kayo makakaabante kapag hindi lumikha ng bagong password.

Ipasok ang inyong **Kasalukuyang Password** para sa pagbeberipika.

Itipa ang inyong **Bagong Password**.

Itipa itong muli sa bahagi ng **Confirm**.  
(Case sensitive ang mga password)

I-click ang button na **Submit**.




Lalabas ang window na **Update Complete**. I-click ang **OK**.



## Paggamit sa ParentConnection

Pag-akses sa Impormasyon ng isang Estudyante

Kung may Web Access kayo sa higit sa isang estudyante sa paaralang pampurok gamit ang ParentConnection, piliin kung aling impormasyon ng estudyante ang i-aakses sa pamamagitan ng Student drop-down menu sa kaliwang bahagi ng window. Ang Zangle ParentConnection ay nagpapahintulot sa inyo na kumilos ng pabalik at paabante sa pagitan ng lahat ng mga estudyante kanino binigyan kayo ng akses nang hindi na kailangang mag-log out at bumalik.



Pag-akses sa Iba't Ibang Impormasyong Makukuha

Maaakses ninyo ang impormasyon ng inyong estudyante sa pamamagitan ng pag-click sa mga kawing na nakalagay sa kolum sa kaliwang bahagi ng window.

- [News](#)
- [Demographics](#)
- [Contacts](#)
- [Schedule](#)
- [Attendance](#)
- [Assignments](#)
- [Marks](#)
- [Standards](#)
- [Testing](#)

**News/Balita** – Ang pahinang ito ay nagpapahintulot sa inyo na makapag-akses sa mga anunsiyo sa buong paaralan at mga anunsiyo na sadya para sa klase.

**Demographics/Demograpiko** – Tingnan ang datos ng demograpiko ng inyong anak. Maaaring nais ninyong repasuhin ang pahinang ito upang matiyak na ang paaralan ay may pinakabagong impormasyon. Sundin ang mga pamamaraan ng inyong paaralan para sa kailangang pag-update ng impormasyong ito.

**Contacts/Mga Kontak** – Ang pahinang ito ay nagtatala sa impormasyon ng kontak ng inyong anak, kabilang ang magulang o legal na tagapag-alaga, at ang mga Pang-emerhensiyang Kontak. Dito muli, maaaring nais ninyong repasuhin ang pahinang ito upang matiyak na ang paaralan ay may pinakabagong impormasyon. Sundin ang mga pamamaraan ng inyong paaralan para sa kailangang pag-update ng impormasyong ito.

**Schedule/Iskedyul** – Ang pahinang ito ay nagtatala sa kasalukuyang iskedyul ng klase ng inyong anak.

**Attendance/Pagpasok** – Ang pahinang ito ay naglalaman ng anumang mahalagang impormasyon tungkol sa pagpasok ng inyong anak. Makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong anak para sa mga tanong tungkol sa datos na ito.

**Assignments/Mga Takdang Aralin** – Dito maaari ninyong tingnan ang progreso ng inyong anak sa kanilang mga klase. Ang pahinang ito ay awtomatikong nagpapakita sa pinakahuling mga takdang aralin. Kung i-click ninyo ang **Show All Assignments** sa kanang itaas, maaari ninyong makita ang lahat ng takdang aralin. Ang mga aytem sa **pula** ay kulang na mga takdang aralin. Tandaan, maaari lang ninyong makita ang mga gradebook ng mga guro na kasalukuyang gumagamit sa programa sa **Zangle GradeBook**. Makikita ninyo ang isang seksiyon para sa bawat kurso at ang bawat yugto ng pagbibigay ng marka na nangyari sa loob ng taon.

Class Assignments for 10/15/2009 - 10/29/2009								
Period: 2		Asia Studies			Teacher: <del>XXXXXXXXXX</del>			
		Current Grade For Quarter 2: Not Available			<a href="#">Print Progress Report</a>			
No Assignments To Display								
Period: 2		Asia Studies			Teacher: <del>XXXXXXXXXX</del>			
		Current Grade For Quarter 1: B			<a href="#">Print Progress Report</a>			
Detail	Date Due	Assignment	Pts Possible	Score	Scored As	Extra Credit	Not Graded	Comments
	10/15/2009	Religion Study Questions	10	9				
	10/15/2009	Religious Comparison	5	5				

**Marks/Mga Marka** – Ang screen ay maglalahad ng isang talaan ng lahat ng mga marka sa report card na inilathala sa sistema para sa piling estudyante sa kasalukuyang taon ng panuruan. Para sa tulong sa pagbasa ng impormasyong ito, pakisangguni sa pahina 34 ng Zangle Manual na matatagpuan sa ilalim ng kawing na [Help](#) sa sulok sa kanang itaas ng window ng ParentConnect.

**Standards/Mga Pamantayan** – Kasalukuyang ginagamit ng Paaralang Pampurok ng Anchorage ang bahaging ito upang ipakita ang Report Card ng Kindergarten at ang seksiyon ng Work Habits ng Mga Report Card ng Elementarya. Makikita ninyo ang higit na impormasyon ng view na ito sa pahina 35 at 36 sa Zangle Manual na matatagpuan sa ilalim ng kawing na [Help](#) sa sulok sa kanang itaas ng window ng ParentConnect.

**Testing/Pagsusulit** – Ang view na ito ay maglalahad sa kasaysayan ng iskor ng inyong estudyante sa pagsusulit batay sa pamantayan. Makipag-ugnayan sa paaralan ng inyong estudyante para sa mga tanong ukol sa datos na ito.